



Alamin ang Budget ng County

2024-25 na Inirerekomendang Budget

Sarah E. Aghassi

Pansamantalang Chief Administrative Officer

L. Michael Vu

Assistant na Chief Administrative Officer

Ebony Shelton, Chief Financial Officer/General Manager
Finance and General Government Group

Dr. Eric McDonald, Pansamantalang Agency Director/General
Manager
Health and Human Services Agency

Dahvia Lynch, Pansamantalang General Manager
Land Use and Environment Group

Holly Porter, General Manager
Public Safety Group

Lupon ng mga Supervisor



Nora Vargas
Supervisor
Distrito 1



Joel Anderson
Supervisor
Distrito 2




Terra
Lawson-Remer
Supervisor
Distrito 3



Monica
Montgomery Steppe
Supervisor
Distrito 4



Jim Desmond
Supervisor
Distrito 5



Isang Mensahe mula sa Pansamantalang Chief Administrative Officer



Sarah E. Aghassi
Pansamantalang Chief
Administrative Officer

Ang San Diego County ay rehiyon na may halos 3.3 milyong tao. Maraming dapat magustuhan sa lugar na ito na tinatawag nating tahanan.

Halos kasing laki ng Connecticut, ang ating county ay destinasyon para sa halos 32 milyong bisita kada taon. Tahanan ito ng maganda at iba't ibang mga residenteng nakatira, nagtatrabaho at naglilibang sa isang lugar na kinabiblangan ng mga beach, bundok, disyerto at ilan sa pinakabihira at pinakanatatanging mga habitat sa kapaligiran sa bansa.

Responsable ang aming organisasyon sa pagbibigay ng maraming serbisyo para suportahan ang buong rehiyon - mga bagay na tulad ng pagkain at mga inspeksyon ng restaurant, pagsusuri ng kalidad ng tubig ng beach at look, mga eleksyon, mga serbisyong panlipunan, mga programa para sa kalusugan ng publiko, bahay ampunan, mga serbisyo para sa pagprotekta ng nasa hustong gulang at marami pa.

Sa aming mga unincorporated na komunidad, ibinibigay namin ang lahat ng bagay na iyon pati rin ang mga serbisyo para sa uri ng lungsod, mula sa pagprotekta laban sa sunog at pagpapanatili ng mga kalsada at mga distrito para sa pagkontrol ng pagbaha hanggang sa mga aklatan, liwasan, nagpapatupad ng batas at paggawa ng desisyon sa paggamit ng lupa na bumubuo ng ating mga komunidad para sa mga darating na henerasyon. Ang mga komunidad sa unincorporated na lugar ay bumubuo sa magandang bahagi ng rehiyon. Sa katunayan, kung isang lungsod ang unincorporated na lugar, ito ang magiging pangalawang pinakamalaki sa ating rehiyon ayon sa populasyon at kung pag-uusapan ang heograpiko, ay mas malaki sa Rhode Island at Delaware kapag pinagsama.

Isang Mensahe mula sa Pansamantalang Chief Administrative Officer *(ipinagpatuloy)*

Kaya hindi nakakagulat na ang budget ng ating County na—\$8.48 billion—at ang tungkulin na ginagampanan nito sa mga buhay ng lahat ng nakatira at bumibisita rito, ay mahalaga rin. Binubuo namin ang aming budget batay sa aming mga pangunahing pagpapahalaga—pagiging kabilang, pagkakapantay-pantay, access, kakayahang mapanatili, integridad at kahusayan.

At hindi namin ito magagawa kung wala ang tulong ninyo; mula sa pagkilala sa inyo sa aming mga komunidad, pagkuha ng inyong mga palagay sa mga survey at pagtitipon kasama ninyo online, alam namin na kayo ang aming pinakamagandang mga katuwang sa pagsulong ng rehiyon.

Dahil sa pagtutulongan natin, ito ay budget na hindi lang nagbibigay ng mga mahalagang serbisyo na inaasahan nating lahat; nagsusumikap din itong gumawa ng epekto sa mga bahagi na nadaragdagan ang epekto sa ating komunidad.


Ang pabahay ay isa sa mga problema na kinakailangan ng agarang pansin, at nagsusumikap kami para mabawasan nang malaki ang kawalan ng tirahan at gumawa ng abot-kayang pabahay para sa lahat ng antas ng kita. Kasama sa bagong budget na ito ang mga pamumuhunan sa mga mapagkukunan para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan para magbigay ng access sa tirahan, pabahay at mga serbisyo, pati rin ang \$30 milyon para sa mga mapagkukunan para hikayatin ang pagiging abot-kaya ng pabahay at alisin ang mga hadlang sa paggawa ng pabahay.

Isang Mensahe mula sa Pansamantalang Chief Administrative Officer *(ipinagpatuloy)*

Makikita rin ninyong magpapatuloy na ipamumuhunan ang ating budget sa mga programa ng safety-net na tumutulong sa mahigit 1 milyong mahihirap na residente – tinitiyak ang access sa mga programa na tulad ng CalFresh at Medi-Cal – para matiyak na mayroong pagkain, mga serbisyo sa kalusugan at suportang pinansyal ang mga tao na kailangan nila. Nakatuon ang County sa kakayahang mapanatili at binabawasan ang mga epekto ng climate change, namumuhunan sa proteksyon ng watershed, nagdaragdag ng mga pampublikong charging station para sa electric na sasakyan, at nagtatanim ng libo-libong puno habang ipinapakita rin ang pagtuon na iyon sa aming mga sariling pagpapatakbo na may planong bawasan ang mga emisyon ng carbon sa mga pasilidad ng County ng 90% bago sumapit ang 2030.

Dagdag pa rito, pananatilihin ng budget na ito ang pamumuhunan nito sa team ng County ng San Diego, ang mga manggagawang nagmamalaking maglingkod sa inyo, isang team na sentro ng lahat ng ginagawa namin, isang team na gustong gumawa ng epekto.

Napakarami pang dapat ma-explore sa inirerekomendang budget at marami pang dapat malaman tungkol sa mga pamumuhunang ginagawa sa rehiyong ito na ipinagmamalaki naming tawaging tahanan. Inaanyayahan ko kayong tingnan ang aming [website ng bukas na budget](#). Sama-sama, bubuo tayo ng mas magandang rehiyon – isang lugar na hindi lang natin tatawaging tahanan, ngunit isang lugar kung saan lahat tayo ay tunay na nasa tahanan.



Ang Foundation

Ang Aming Mithin

Isang patas, mapapanatili at matibay na kinabukasan para sa lahat.

Pagiging Patas ng Budget

Dapat ipakita ng mga budget ng departamento kung paano natulungan ng mga ito dati ang mga marginalized at mahihinang komunidad at mga tao sa pamamagitan ng paggamit ng mga tool na ginawa ng Office of Equity and Racial Justice na isinasaalang-alang ang pakikibahagi ng komunidad, data at pananagutan.

Batay sa
mga
Pagpapahalaga

Pagiging Kabilang

Kakayahang Mapanatili

Kahusayan

Access

Pagkakapantay-pantay

Integridad

Ano ang Ginagawa ng County



18 Incorporated na Lungsod



Unincorporated Area



Incorporated na mga Lungsod




Ang gobyerno ng County ay nagbibigay ng maraming serbisyo na sumusuporta sa buong rehiyon, sinasaklaw ang mga nakatira sa mga lokal na lungsod na makikita sa gray na bahagi ng mapa at ang unincorporated area sa berdeng bahagi. Kasama rito ang mga bagay na tulad ng tulong na serbisyong panlipunan, mga programa para sa kalusugan, bahay ampunan, mga serbisyo para sa pagprotekta ng nasa hustong gulang, mga inspeksyon ng pagkain at restaurant, at mga eleksyon.

Unincorporated Area



Para sa mga nakatira sa unincorporated area, responsable ang gobyerno ng County para sa mga bagay na karaniwang gagawin ng gobyerno ng lungsod, tulad ng pagbibigay ng proteksyon ng pulis at proteksyon laban sa sunog pati rin ang pagpapanatili ng mga liwasan, aklatan at mga kalsada.


Saan Nanggaling ang Pagpopondo?




Proseso ng Budget

Nakikipagtulungan ang County sa mga miyembro ng komunidad sa buong taon para tumulong na mabuo ang mga programa at serbisyo at mabigyan ng impormasyon ang budget.

Bisitahin ang engage.sandiegocounty.gov para makaibahagi.



Mga Mahalagang Petsa



Paano Makikibahagi

Pagsusuri at Komento: Mayo 2 - Hunyo 13

- Online sa engage.sandiegocounty.gov/countybudget24-26
- Email sa engage@sdcounty.ca.gov
- Mga pagpupulong sa komunidad: Mayo 23 nang 5:30 p.m. sa County Operations Center, Mayo 29 nang 6 p.m. online.
- Telepono o sa personal sa Hunyo 4 at 6 Mga Pagpupulong ng Lupon ng mga Supervisor: sandiegocounty.gov/cob/bosa/
- Humiling ng pagsasalin-wika sa mga pagpupulong: (619) 531-5434 o PublicComment@sdcounty.cagov

Higit pang impormasyon



Panoorin ang Mga Pagpupulong ng Lupon ng mga Supervisor



sandiegocounty.gov



[@countysandiego](https://www.youtube.com/@countysandiego)



[@SanDiegoCounty](https://twitter.com/SanDiegoCounty)



[@sandiegocounty](https://www.facebook.com/sandiegocounty)



COUNTY NG
SAN DIEGO

Kabuuan ng Inirerekomendang Budget: \$8.48 bilyon

Taon ng Pananalapi 2024-25



- Pagtaas ng \$317.7 milyon o 3.9% sa 2023-24 na Pinagtibay na Budget para sa Taon ng Pananalapi.
- Ipinapakita nito ang kabuuang estratehiya para mapanatili ang mga pangunahing serbisyo ng County, nililimitahan ang paglaki sa mga mandatoryong programa, nagpapatakbo ng mga bagong pasilidad sa County at mahusay na pamahalaan ang paglaki ng bilang ng mga kawani.

Kabuuan ng Inirerekomendang Kawani: 20,459.25

Taon ng Pananalapi 2024-25



Mga Serbisyo
sa Kalusugan at
Tao

8,243.50
(+10/+0.1%)



Paggamit ng
Lupa at
Kapaligiran

2,161.75
(+44/+2.1%)



Kaligtasan ng
Publiko

8,077.00
(+12/+0.1%)



Pananalapi at
Pangkalahatang
Gobyerno

1,977.00
(+6/+0.3%)

Pagtaas ng 72 posisyon o 0.4% sa 2023-24 na Pinagtibay na Budget para sa Taon ng Pananalapi.



Mga Tampok sa Budget

Imprastraktura



Mga pagpapaganda ng kalsada, aklatan, liwasan at iba pang mga pagpapaganda ng komunidad.

- \$132.9 na milyon sa kabuuan para magbigay ng mga bagong pasilidad at panatilihin ang mga dati na para pahintulutan ang mga empleyado na patuloy na magbigay ng mahusay na serbisyo sa customer.
- \$480.8 milyon sa kabuuan para sa Mga Gawaing Pampubliko para gumawa at magpanatili ng mga kalsada at pamahalaan ang kalinisan ng rehiyon at mga distrito sa pagkontrol ng pagbaha.
 - o \$40.5 milyon na dagdag para sa kabuuang \$189 milyon para sa kaligtasan sa kalsada kasama ang mga signal ng trapiko, mga rampa sa curb, mga tawiran, mga guardrail at mga bagong sidewalk at linya para sa bisikleta.
 - o \$4.7 milyon para maiwasan ang pagbaha na sanhi ng bagyo sa pamamagitan ng pagpapanatiling ligtas at malinis sa mga alkantarilya, lagusan, dike at mga kanal.
 - o \$4.5 milyong pagtaas para sa kabuuang \$65.5 milyon para mapanatili ang 2,000 milyang unincorporated na kalsada.

Mga Tampok sa Budget

Imprastraktura (*ipinagpatuloy*)



- \$75.8 milyon sa kabuuan para sa Mga Liwasan at Paglilibang para isulong ang kalusugan at pagiging nasa mabuting kalusugan, ligtas na mga komunidad at pakiramdam na kabilang sa komunidad sa pamamagitan ng libo-libong programa.
 - o \$33.5 milyon sa kabuuan para patakbuin ang 157 pasilidad ng liwasan, 58,000 ektarya ng parkland at 389 na milya ng mga trail.
 - o \$20.2 milyon para pangalagaan ang mga likas na yaman, protektahan ang tirahan at mapabuti ang mga kondisyon sa kapaligiran, kabilang ang sa Tijuana River Valley.
- \$66.6 na milyon sa kabuuan para sa Aklatan ng County para magbigay ng aktwal at virtual hub ng edukasyon, libangan at kultura.
 - o \$22.8 milyon para sa bagong aklatan ng Casa de Oro.
 - o \$12.4 milyon para pamahalaan ang lahat ng materyal sa aklatan, digital at naka-print.
 - o \$569,000 pagtaas para patakbuin ang 33 branch na aklatan, 4 na electric bookmobile at 5 automated na mga kiosk ng libro.

Mga Tampok sa Budget

Kalusugan ng Pag-uugali



Suporta para sa kalusugan ng isip at paggamit ng droga o pag-inom ng alak.

- Mahigit sa \$1.1 bilyon sa kabuuang mga pamumuhunan para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali.
 - o \$28 milyong pagtaas para sa mga serbisyo sa tahanan at outpatient para sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak.
 - o \$25 milyon para dagdagan at suportahan ang mga manggagawa para sa kalusugan ng pag-uugali ng publiko na kinabibilangan ng pagbuo ng bagong programa ng pagsasanay at matrikula.
 - o \$15 milyon na pagtaas para ipatupad ang Batas ng Senado na 43 para sa Hindi Boluntaryong paggamot ng Kalusugan ng Pag-uugali.
 - o Mahigit sa \$9 na milyon para magbigay ng mga serbisyo sa bagong Tri-City Medical Center Psychiatric Health Facility.
 - o \$4 milyon na pagtaas para sa kabuuang \$11.1 milyon para tugunan ang krisis sa opioid.
 - o Mahigit sa \$4 milyon para sa pag-iwas sa pagpapakamatay ng kabataan.

Mga Tampok sa Budget

Kawalan ng Tirahan



Access sa tirahan, pabahay at iba pang mga serbisyo para matiyak na may ligtas na lugar na matitirhan ang mga tao.

- \$98.7 milyon sa kabuuan para suportahan ang mga taong nanganganib na mawalan ng tirahan, mga komunidad ng imigrante at refugee at iba pang mga mahihinang grupo para isulong sa rehiyon ang pagkakapantay-pantay para sa lahat.
 - o \$15 milyon para sa Panlalawigang Programa ng Tulong sa Walang Tirahan.
 - o \$7.8 milyon na pagtaas para tulungan ang mga nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa mga ilog ng San Diego at Sweetwater.
 - o Inaasahang magbubukas ang pangalawang ligtas na lugar para mag-park sa tag-init ng 2024, daragdagan ang mga opsyon para sa pang-emergency na pabahay para sa mga unincorporated na komunidad.

Mga Tampok sa Budget

Pabahay



Tutugunan ng mga oportunidad sa pabahay ang mga pangangailangan ng komunidad.

- \$90.9 na milyon sa kabuuan para sa Mga Serbisyo sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad Para magbigay ng mga mapagkukunan sa pabahay para sa mga mahinang populasyon, bumuo ng abot-kaya at sumusuportang pabahay, at tumulong na makamit ang kakayahang masuportahan ang sarili para sa mga pamilya.
 - o \$10.6 milyon sa bagong pagpopondo para sa *Innovative Housing Trust Fund* para tumulong sa pagbuo ng abot-kayang pabahay.
 - o \$2.4 na milyong pagtaas para pabutihin ang pag-upa ng pabahay para sa maraming pamilya sa unincorporated area.
 - o \$500 kada buwan na subsidiya sa pag-upa na magpapatuloy para sa halos 400 mas maedad na nasa hustong gulang na nanganganib na mawalan ng tirahan, nahihirapan sa pag-upa at nangangailangan ng tulong pinansyal.
- \$58 milyon sa kabuuan para sa Mga Serbisyo sa Pagpaplano at Pagpapaunlad para balansehin ang komunidad, pang-ekonomiya at pangkapaligirang mga interes para tiyakin ang may pinakamataas na kalidad ng buhay para sa lahat sa rehiyon.
 - o \$30.1 milyon para pangasiwaan ang pabahay sa pamamagitan ng paggawa ng abot-kayang mga programa sa pabahay at pag-alis sa mga hadlang sa pabahay sa pamamagitan ng mga bagay tulad ng garantisadong mga oras ng pagsusuri ng plano para sa 100% mga proyekto para sa abot-kayang pabahay.

Mga Tampok sa Budget

Mga Serbisyonang Pansuporta



Mga programa para sa nutrisyon, kalusugan, pinansyal at iba pang mga programa para tulungan ang mga mahinang indibiduwal at pamilya.

- \$812.2 milyon para sa Mga Serbisyo para sa Pagiging Kwalipikado/Kakayahang Masuportahan ang Sarili para tumulong na magbigay ng access sa pagkain, pangangalagang pangkalusugan, pabahay at pangkalahatang tulong para sa mga taong walang ibang paraan ng suporta.
- \$2 milyon na pagtaas para dagdagan ang seguridad ng pagkain sa pamamagitan ng mga hardin ng komunidad, edukasyon tungkol sa nutrisyon, mga pagkain, mga pantry ng pagkain at pagtanggap ng mga benepisyo ng EBT sa 18 sertipikadong farmers market.
- Mahigit sa \$200 milyon para sa Mga Serbisyonang Pansuporta sa Tahanan para magbigay ng tulong sa tahanan para sa mga mahinang nasa hustong gulang.
- Ang isang lokasyon sa National City ay magsisilbing lugar sa hinaharap para sa South County Family Justice Center at magbibigay ng access sa mga lokal na biktima ng krimen sa mga serbisyo para makabawi sa trauma sa isang lugar.
- \$145 milyon na pamumuhunan sa pangmedikal at pangkaisipang kalusugan para sa mga nakakulong na nasa hustong gulang.
- \$9 na milyon sa pamumuhunan sa pangmedikal at pangkaisipang kalusugan para sa kabataan sa mga institusyon.

Mga Tampok sa Budget

Mga Serbisyon

Pansuporta

(ipinagpatuloy)



- \$2.2 milyon na pagtaas para tulungan ang mga beterano na kailangan ng pangmatagalang suporta para maiwasang mailagay sa institusyon.
- \$479 na milyon para sa Kapakanan ng Bata at Pamilya para magbigay ng mga serbisyo sa pagpapatibay at pag-iwas para mapanatiling magkasama ang mga pamilya, at mga serbisyo ng proteksyon sa bata.
 - o Mahigit sa \$158 milyon para sa mga pamilyang sinusuportahan ang ampunan at inampon na mga bata.
 - o \$2 milyon na pagtaas para sa pag-iwas sa pang-aabuso ng bata.
 - o \$2 milyon na pagtaas para tulungan ang kabataan na umaalis sa ampunan sa pansamantalang pabahay.
 - o Bagong Hub sa Pag-iwas para tulungan ang mga pamilya bago pa man sila humantong sa krisis.
- \$11.3 milyon para sa Mga Serbisyo sa Hayop, kasama ang \$1.3 milyon, tatlong full-time na empleyado at mobile na klinika para sa mga hayop para sa mga hindi gaanong napaglilingkurang lugar sa unincorporated area.

Mga Tampok sa Budget

Reporma sa Hustisya



Binabago ang sistema ng hustisya para matiyak ang pagkakapantay-pantay at pananagutan.

- Mahigit sa \$230 milyon sa kabuuang pamumuhunan sa Mga alternatibo sa Pagkakakulong para bawasan ang mga populasyon ng bilangguan at mapanatili ang kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng pag-iwas, dibersyon at pagpapalano para muling bumalik sa komunidad.
 - o \$3.6 para sa Suporta sa Muling Pagbalik sa Komunidad ng Pangangasiwa ng Pangangalaga ng Komunidad na nauugnay sa mga tao na bahagi ng hustisya sa mga makabuluhang pangangailangan sa mga serbisyo na batay sa pangangalaga tulad ng pabahay, paggamot ng kalusugan ng isip at sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak, medikal na pangangalaga at trabaho at edukasyon.
 - o \$3.3 milyon para sa Public Defender's Holistic Services Unit na naglalapit sa mga clinician, mga assessor ng gumon sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak at mga navigator sa pabahay para tulungan ang mga kliyente.
 - o \$2 milyon para sa Juvenile Diversion Initiative ng District Attorney na tulungan ang kabataan at mga teenager na wala pang 18 taong gulang na hindi lumapas sa edad ng sistema ng hustisya para sa kabataan habang tinutugunan ang mga sanhi ng masamang gawi.
- \$7 milyon at 43 full-time na empleyado para sa Youth Development Academy para kupkupin, alagaan at i-rehabilitate ang kabataan sa sistema ng hustisya.

Mga Tampok sa Budget

Kaligtasan ng Publiko



Proteksyon mula sa nagpapatupad ng batas at laban sa sunog.

- Mahigit sa \$2.7 bilyon sa kabuuang mga pamumuhunan para sa Kaligtasan ng Publiko.
 - o \$87.1 milyon para sa mga serbisyo ng bumbero, pang-emergency na medikal at ambulansya.
 - o \$16 milyon na pagtaas para sa mga serbisyo sa sunog, emergency at ambulansya sa unincorporated area.
 - o \$4 na milyon para sa Medical Examiner para tugunan ang nadagdagang dami ng mga pagkamatay dahil sa mga oversode sa fentanyl.
 - o \$5 milyon para simulang palitan ang 50 taong gulang na Ramona Sheriff Substation.
 - o \$400,000 para sa Ramona Fire Station 80 remodel at training tower.
 - o \$500,000 para sa Programa sa Pag-iwas ng Karahasan na Dulot ng Baril.
 - o 2 full-time na empleyado na idinagdag sa Economic Crimes Division sa Tanggapan ng District Attorney.
 - o \$51 milyon para mapaganda ang mga pasilidad sa pag-detain ng nasa hustong gulang.
 - o \$6.3 milyon para sa mga pagpapaganda ng East Mesa Juvenile Detention Facility.

Mga Tampok sa Budget

Kalusagan at Proteksyon ng Publiko



Pinapanatiling malusog at iniwasan ang sakit sa komunidad.

- \$291.8 milyon para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Publiko para maiwasan ang mga epidemya at ang pagkalat ng sakit at hinihikayat ang maayos na mga gawi kasama ang pagtiyak sa access sa mga serbisyo sa kalusugan para sa lahat sa pamamagitan ng Mga Public Health Center, mga programa sa pagbisita sa tahanan, at mga serbisyo para sa gamot.
- Patuloy na pagpopondo para bumuo ng bagong makabagong laboratoryo para sa kalusugan ng publiko na susuri ng mga nakakahawang sakit.
- Pagpopondo at kawani para gumamit ng dalawang sasakyan ng Live Well on Wheels.
- \$55.5 milyon para sa Kalidad ng Kapaligiran at Kalusugan para protektahan ang kalidad ng kapaligiran, isulong ang kamalayan sa kapaligiran at tiyakin ang pagsunod sa mga lokal, pang-estado at pederal na batas na pangkapaligiran.
 - o \$15.6 milyon sa kabuuan para ma-inspeksyon ang mga restaurant at iba pang pasilidad ng pagkain.
 - o \$14.8 milyon para kontrolin ang mga pagpapatakbo ng 14,000 mapanganib na materyal para maiwasan ang pagkakalantad sa mga natapon (spill).
 - o \$1.5 milyon sa kabuuan para sa pagsusuri at pag-uulat ng kalidad ng beach at look.

Mga Tampok sa Budget

Pagpapapanatili ng Kapaligiran



Pagprotekta sa natural na kapaligiran para mapangalagaan ito para sa mga darating na henerasyon.

- \$18.2 milyon na pagtaas para protektahan ang watershed ng rehiyon at para sa mga bagong proyekto ng imprastraktura na mabuti sa kapaligiran.
- \$16 milyon para mapangalagaan ang lupa para protektahan ang mga specie bilang bahagi ng Programa sa Pangangalaga ng Maraming Specie.
- \$2.5 milyon sa kabuuan para i-update ang Climate Action Plan.
- \$2 milyon para magtanim ng 4,000 bagong puno sa ari-arian ng County para bawasan ang mga greenhouse gas.
- \$1.8 milyon para sa pagkakabit ng mga bagong charging station ng electric na sasakyan para sa publiko.
- \$1 milyon para isulong ang Zero Carbon Portfolio Plan para bawasan ang mga emisyon ng carbon mula sa mga pasilidad ng County ng 90% bago sumapit ang 2030.

Iba Pang Mga Tampok



- \$9 na milyon para isulong ang koneksyon sa broadband sa mga rural na lugar ng county.
- \$4.9 na milyon para sa Office of Evaluation, Performance and Analytics para pag-aralan ang data ng County para mahanap ang mga pattern at trend na makakatulong sa mga pinuno na mapaganda ang mga programa, serbisyo at patakaran.
- \$1.3 milyon para sa Office of Labor Standards and Enforcement para makipagtulungan sa mga komunidad at negosyo para pagandahin ang mga pamantayan ng paggawa, tiyakin ang pagsunod at suporta para sa mga biktima ng pagnanakaw ng sahod.
- \$500,000 para palawigin ang Social Equity Program para tugunan ang hindi proporsyon na pinsala na dulot ng War on Drugs sa mga komunidad na may iba't ibang lahi sa pamamagitan ng pagbibigay ng access at pagkakapantay-pantay sa industriya ng cannabis.
- \$500,000 para ipatupad ang Uplift Boys & Men of Color initiative para magbigay ng pangkalahatang pamamaraan para iugnay ang kabataan na nasa panganib sa mga sari-saring serbisyo, mga sistema sa pagsuporta sa trauma at mga oportunidad sa pagpapaunlad ng manggagawa.



www.sandiegocounty.gov

1600 Pacific Highway, San Diego, CA 92101